

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
BY SUSAN ENRIQUEZ – UNANG HIRIT/GMA 7
March 29, 2021 (7:12 A.M. - 7:17 A.M.)

ENRIQUEZ: Magandang umaga po, Secretary Roque.

SEC. ROQUE: Magandang umaga, Susan. At magandang umaga, Pilipinas.

ENRIQUEZ: Okay, Secretary, sabi po ng ilang mambabatas, ang pagbabalik daw po ng ECQ ay pruweba na bagsak ang pagtugon ng pamahalaan sa COVID-19. Ano ang masasabi ninyo rito, Secretary?

SEC. ROQUE: Wala pong katotohanan iyan. Ang katotohanan po, mula hanggang February 22 ay nakontrol na po natin ang pagkalat ng COVID and, more or less, humigit-kumulang ay 1,000 cases na lang tayo a day. Pero pumasok po ang mga bagong variant – mayroon pong UK variant, mayroong South African, mayroong Brazil at ngayon mayroon pa pong Philippine variant. Mabuti na lang po na-discover na hindi mas nakakamatay ang mga variant na ito, pero ang talaga naman pong hindi maitatanggi, mas nakakahawa po. Hindi lang Pilipinas ang nag-iisa. Sa buong mundo po, talagang dumami ang mga kaso kaya hindi naman po natatanggal tayo sa ating posisyon na number 30 sa buong mundo.

ENRIQUEZ: Okay, doon sa mga sinabi ninyo, Secretary Roque, puwede bang maging dahilan ito para ma-extend o mapalawig ang pinaiiral na ECQ?

SEC. ROQUE: Ang ating ginagawa po ay pino-promote natin ang total health ng mga Pilipino. Alam natin na napakadami ngang nagkakasakit – 700,000; 13,000 ang mga namamatay na, pero tinitimbang din po natin iyan sa mga milyung-milyong mga karagdagang Pilipinong nagugutom kapag papatagalin po natin ang ECQ. So, binabalanse pong mabuti.

ENRIQUEZ: Secretary, may mga makakatanggap po ba ng ayuda? At kung mayroon, sinu-sino po iyong qualified na mabigyan ng ayuda ngayong ECQ tayo?

SEC. ROQUE: Ang tawag po natin “assistance”, hindi na po ayuda, dahil iba na iyong halaga at saka iyong anyo na ibibigay natin dahil one week po itong ECQ at Thursday at Friday ay talagang wala pong pasok. So, mayroon na pong nasapinal kung saan kukunin iyong pera. Wala na pong problema, mayroon tayong source ng pera. Pero iyong detalye po ay mamaya pong 12 noon ko iaanunsiyo sa ating regular press briefing.

ENRIQUEZ: Ah okay, so hindi pa po natin alam kung paano po iyong form nitong assistance, kung magkano o kung hindi man, kung goods naman eh kung anu-ano po iyon?

SEC. ROQUE: Pinaplantsa po iyan at maya-maya po ay maaanunsiyo na natin.

ENRIQUEZ: Secretary, entitled ba sa hazard pay ang mga manggagawa na pumapasok po ngayong panahon tayo ng ECQ?

SEC. ROQUE: Nagpalabas po ng order ang ating Presidente. Lahat ng taong gobyerno na nasa medical profession, iyong mga social workers at iyong mga nasa larangan ng sensiya, lahat po sila ay magkakaroon po ng hazard pay.

ENRIQUEZ: Iyong mga nasa pribadong sektor po?

SEC. ROQUE: Recommendatory po.

ENRIQUEZ: Kung limited po ang transportasyon, Secretary, dapat po bang mag-provide ng transportasyon iyong mga kumpanya na pinapasukan nila?

SEC. ROQUE: Iyan po ay nasa ating mga guidelines din. Pero unlike noong mga naunang ECQ na talagang wala pong transportasyon, hindi po matitigil ang transportasyon ngayon sang-ayon po sa anunsiyo ng Department of Transportation. Strictly lang po na 50% capacity pero tuloy po ang ating mga pampublikong transportasyon, kasama na po ang MRT, LRT, ang PNR, mga bus, mga jeepney at mga tricycle. Bagama't mahigpit pong ipatutupad ang minimum health standards.

ENRIQUEZ: Secretary, ano po ang reaksiyon ninyo doon sa pahayag ng Gavi Alliance na posible daw pong pagbayarin iyong mga bansang hindi sumusunod doon sa tinatawag na priority list para sa mga donasyong bakuna?

SEC. ROQUE: Tama naman po iyan. Dahil iyan po ay donated, dapat sumusunod iyong mga pinagbibigyan. At dito po sa Pilipinas, bagama't mayroon pong mga lumalabag, sa katotohanan lang naman, mabibilang mo lang naman sa kamay ang mga iyan at hindi po natin iyan kinukonsinti. Kaya nga po ang ating panawagan sa mga mayors—nataas na po ang prayoridad ng mga mayors; ngayon po, A4 na sila. Pero sa ngayon po ang mga binabakunahan: A1-medical frontliners, A2-senior citizen, A3-mga persons with comorbidities.

ENRIQUEZ: Secretary, mayroon pong bumabatikos sa kakatapos lang na 76th birthday celebration ni Pangulong Duterte. Sa post in Senator Bong Go ay makikitang simple lang ang handa ng Pangulo, pero sa isang video na ngayon ay deleted na po daw, may lechon pala at marami pang handa. Ang puna po ng ilan, tulad ni Bayan Muna Representative Ferdinand Gaitan sa raw magpanggap na mahirap kasi insulto raw ito sa totoong naghihirap. Ano po ang reaksiyon ninyo diyan, Secretary?

SEC. ROQUE: Tingin ko naman utak talangka lang po iyan. Birthday naman po ng Presidente, 76, ang importante po hindi magarbo ang selebrasyon. Hindi naman sinasabi ni Presidente

kahit kailan na siya ay nagugutom, so hindi ko maintindihan kung ano ang punto niya, kung hindi talagang utak talangka lang po.

ENRIQUEZ: Secretary, kumusta na po kayo? ‘Di ba nag-quarantine din kayo dahil kayo ay nag-positive, may mga sintomas pa ba kayo?

SEC. ROQUE: Never po ako nagkaroon ng sintomas, pero sinunod po natin iyong two-week quarantine period at natapos nga po iyan noong araw ng Linggo. Kaya noong Linggo mismo o Sabado ba iyon, tayo po ay nakapagbalik na ng Malacañang para doon sa pag-anunsiyo ng ECQ. So maraming salamat po sa mga sumuporta, mga nagdasal. At maraming salamat sa Diyos, tayo po ay negatibo na muli at wala naman po tayong kahit anong sintomas na na-experience.

ENRIQUEZ: Okay, maraming salamat po, Presidential Spokesperson Harry Roque. Magandang umaga po, Secretary, at mag-iingat po kayo.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Susan. Magandang umaga rin.

##

--

News and Information Bureau-Data Processing Center